# Tiniklop-tiklop na Bugtong

Lahok sa Dibisyong Filipino

Kategoryang Tula Para sa mga Bata

## Nilalaman


**2** Tiniklop-tiklop na Bugtong

**3** Bangkang Papel

**4** Plastik at Papel

**5** Palad

**6** Sombrerong Papel

**7** Ako ay Isang Piloto

**8** Tisyu, Unang Bahagi

**9** Sa Paglipad ng Papel

**10** Tisyu, Ikalawang Bahagi

**11** Origami

**Tiniklop-tiklop na Bugtong**

Kapag ako'y ibinato
Ay magiging eroplano.

Ipaanod mo sa baha
At magiging isang bangka.

Isuot sa iyong ulo
At mag-aanyong sombrero.

Kapag pisi ko'y hinila
Ay magiging boka-boka.

Kapag ako'y tinitiklop
Ay mga ngiti ang dulot.

**Bangkang Papel**

Samahan akong maglakbay
At sa bangka ko sumakay.
Galugarin nating sabay—
Akwaryum na karagatan.

Matunaw man sa sansaglit
Ang aking bangka sa tubig,
Maglayag lang at magmasid,
Sandali’y walang kapalit.

Halina’t tayo’y mamangka
At damhin ang pagkamangha:
Plastik na halaman, isda,
Pekeng sagay, tubo, bula.

**Plastik at Papel**

Tagpo sa tindahan sa katanghalian:
Pagkikitang muli ng magkaibigan.

“O, kumusta ka na, kaibigang Papel?
Di ka nakikita, di na napapansin.”

> “Heto at abala, kaibigang Plastik,
> Sa biglaang buhos ng trabaho’t raket.”

“Sa bawat mall, fast food, groseri’t tindahan,
Ikaw na ang bida. Ano’ng pakiramdam?”

> “Masaya! Mabuti, ako’y nabubulok;
> Ikaw, bumabara sa estero’t ilog.”

“Ayos lang sa aking lahat inagaw mo:
Pagiging bag, plato, kulang na lang istro.”

> “Mabuti kung gayon. Papasukin ko rin
> Ang pagiging baso, bolpen, at pigurin.”

“Nang pinalitan mo’y masayang-masaya,
Tuluyang nawala ang aking halaga.”

> “Tularan mo ako, mayroon nang plano
> Na maging kilala’t maghari sa mundo!”

Ilang sandali pa, sila ay dinampot,
Sabay itinapon sa basurang bundok.

Sila ay pinulot ng dumaang bata,
Inuwi sa bahay saka nagsimula:

Tiklop-gupit dito, tiklop-dikit doon.
Sila’y isinabit bilang isang parol.

**Palad**

Inaasar ako ng mga kaklase
Na papel de liha itong aking palad
Sa gaspang at kapal na primera klase.

Tiyak na gumaspang dahil sa pagbabad,
Pagkusot ng damit, sa pagkuskos-kiskis
Ng masebong kawang kay laki at lapad.

Ang aking palad din ang pinang-iisis
Ng dumi sa mesa, ang pinampupunas
Sa mantsa ng mantel na hindi naalis.

Gayunman, ito rin ang gamit panlunas
Sa bawat alulong ni alagang Bantay
At maging pampalis ng pungas ni Pulgas.

Ito ang pampawi sa pagod ni Itay.
Ito ang panggamot sa lagnat ni Kuya.
Ito ang pampahid sa hikbi ni Inay.

Palad ko'y kumapal para sa pamilya.

*(halaw mula sa kuwentong pambatang Papel de Liha ni Ompong Remigio)*

**Sombrerong Papel**

Ipinilit maisuot nitong paslit,
Huwag naman sana akong magulanit.
Sa kaniyang pagsasayaw, pagkandirit,
Ako'y sadyang nahihilo't naiinis!

Magiting daw s'yang kapitan. At malakas.
Nilulupig ang kalabang mapamintas.
Sa 'kin kaya, mayroon bang magliligtas?
Gusto ko nang makalaya't makaalpas!

Isang hangin ang umihip at sumagip
Sa lumbay ko. Ang tuwa ko'y di mapatid!
Sandali kong nasaksihan ang daigdig
Bago siya nagpatuloy at umalis.

At nang ako ay tumawing sa may ilog,
Labis akong nagtampisaw sa pag-agos
Ng ligaya at tagumpay, nagpaanod
Sa ragasa, unti-unting lumulubog.

**Ako ay Isang Piloto**

Ako ay isang piloto
ng magaang eroplano,
may nakatuping
mga pakpak at
ngusong matalas.
Ako ay isang
piloto, lilibot sa
buong mundo gaya
noong laruang padala
ni Nanay. Ako ay isang piloto, may malawak na destinasyon
at magmamalas mula sa itaas ng mga gusali, bundok, at dagat. Paliliparin ko
ang aking eroplano, paglalakbayin sa ibang bansa. Hanggang
makarating kay Nanay,
dala ang pag-aasam
na kami ay magkita
sa bansa kung saan
namamasukan
siya bilang
yaya.

**Tisyu, Unang Bahagi**

Pinampunas kami ng mga pisngi
Ng mukha ng isang dalaga.
Dahan-dahan, pinadaan niya kami
Pababa sa kanyang leeg, balikat, at bisig.
Ginamit din kaming pampahid
Ng naglalagkitan niyang mga kamay.

Biglang umiyak ang kanyang sanggol.
Pinansipsip kami ng di-mapigil na luha nito.
May naamoy na pangamba ang dalaga.
Binuksan niya ang diaper ng bata;
Umalingasaw ang kanina pang reklamo nito.
Pinampunas kami ng mga pisngi
Ng puwet ng kanyang sanggol.

Pagkatapos gamitin, itinapon kami
Sa basurahan ng dalaga.
Gayunman, masaya kaming
Sila ay napaglingkuran.

**Sa Paglipad ng Papel**

Ako
ay tuwang-
tuwang   iniihip
ng naiinip at hinihikab
na  hangin.  Kumakaway,
lumilipad,  nagpapasikat
sa  lahat.  Tatawing-
tawing, iniihip
kaliwa’t
kanan,

lumi
likha
ng
oras
ng
pana
ginip.
Nagpapa
tangay
sa alapaap
ng hagikgik.

Buma
baybay
sa ulap
at gumu
guhit ng
talinghaga.

O, naka
wiwiling
gilalas!

**Tisyu, Ikalawang Bahagi**

Ha-ha-hatsing! Hatsing!
Hinahatsing ako sa mga bulaklak sa hardin.
Ba-ba-bahing! Bahing!
Binababahing ako sa mga lumang babasahin.

Sa tuwing papasok sa eskuwelahan,
Lagi akong pinababaunan
Ng tisyu ni Nanay.

Ngayon, sinisipon ako.
Habang nagsasagot ng test,
Si-si-singhot! Singhot!
Kapag pumapanhik-panaog sa hagdan,
Tumataas-baba rin ang uhog ko.

Nang nagbura si titser
Ng mga nakasulat sa blackboard,
Parang kinikiliti ang ilong ko.
Ha-ha- pero napigilan ko.
Kinapa ko ang aking bulsa para sa tisyu
Pero wala pala akong dala!
Ha-ha-
At sumabog sa aking mukha
Ang katotohanang kailangan ko ng tisyu.
Hatsing!

**Origami**

Paano sasalubungin ang pagod na si Tatay?
Ako’y tiklop-tiklupin, gawing unan,
At ipasandal sa kanyang likuran.

Paano lalambingin ang abalang si Nanay?
Ako’y tiklop-tiklupin, gawing bulaklak,
At ibigay sa kanya.

Paano aaliwin ang nababagot na si Kuya?
Ako’y tiklop-tiklupin, gawing bola,
At ipalaro sa kanya.

Paano pangingitiin ang malungkot na si Ate?
Ako’y tiklop-tiklupin, gawing manika,
At padamitan sa kanya.

Paano patatahanin ang umiiyak na si Bunso?
Ako’y tiklop-tiklupin, gawing paruparo,
At padapuin sa kanyang ilong.

Ang bawat paglikha ay may dalang hiwaga.
Kaya’t kahit ako ay simpleng papel lang,
Nakapagbibigay rin ng kaligayahan.